Republic of the Philippines
Province of Camarines Norte
Daet, Camarines Norte

KAUTUSANG TAGAPAGGANAP
BLG. 39, s. 2020

KAUTUSAN TAGAPAG PAGANAP SA IMPLEMENTASYON NG DOH ZONING CONTAINMENT STRATEGY (ZCS) AT KARAGDAGAN ALITUNTUNIN TUNGKOL SA 'ROLLOUT OF ANTIBODY– BASED TESTING' AT INTERZONAL, INTRAZONAL MOVEMENT SA PANAHON NG MODIFIED GENERAL COMMUNITY QUARANTINE (MGCQ), EPEKTIBO MULA IKA- 21 NG BUWAN NG OKTUBRE TAONG KASALUKUYAN, SA BUONG LALAWIGAN NG CAMARINES NORTE.

SAPAGKA'T, Ang Kautusang Tagapaganap Bilang 38, at 38-A ay nagsasaad ng mga alituntunin ng mga local na pamahalaan ng Camarines Norte patungkol sa Maigting na Quarantine at Isolation procedures, epektibo mula Agosto 1, 2020 ;

SAPAGKA'T, sa kalatas ng IATF nuong buwan ng Agosto ay sinang ayunan ang mga importanteng pagbabago tungkol sa pagsugpo sa corona virus, at susog sa DOH Memorandum Interim Guidelines on Expanded Testing for COVID-19, ganuon sa mga itinakdang alituntunin ng Omnibus Guidelines on Community Qurantine, at ayun sa IATF Resolution No. 70 na may petsa Oktubre 15, 2020 sa buong kapuluan at ang probinsiya ng Camarines Norte ay nakatalaga at mananatili sa kategorya ng 'modified general community quarantine';

SAPAGKA'T, Ang bilang ng COVID-19 confirmed cases mula Marso hanggang Octubre 1, sa buong rehiyon ng Bicol ay umabot na sa 2,223, ang aktibo kaso sa kasalukuyan ay 340 at patuloy na tumataas ang paglaganap ng bilang ng kaso ng naturang corona virus at mayroon nang kabuuan na 90 na kumpirmadong kaso, tatlo (3) ang nasawi at labindalawa (12) ang aktibo kaso sa kasalukuyan sa buong lalawigan ng Camarines Norte, ganuon din ang pagtaas ng mga nasabing kaso ng corona virus sa mga karatig probinsiya, at kinakailangan paigtingin pa ang mga health protective measures upang maproteksyunan ang lahat ng mamamayang Camarines Nortenos;

NGAYON, SAMAKATUWID, Ako, si EDGARDO A. TALLADO, Gobernador ng lalawigan ng Camarines Norte, at sa pamamagitan ng karapatang bisa na ipinagkaloob sa akin ng batas, ay ipinag u-utos ang Executive Order No.39, series 2020 "MAIGTING NA IMPLEMENTASYON NG DOH ZONING CONTAINMENT STRATEGY (ZCS), 'ROLL OUT OF ANTIBODY BASED TESTING, INTERZONAL INTRAZONAL MOVEMENT AT IBA PANG MGA ALITUNTUNIN SA MODIFIED GENERAL COMMUNITY QUARANTINE EPEKTIBO MULA PETSA 21 NG BUWAN NG OKTUBRE TAONG KASALUKUYAN, SA BUONG LALAWIGAN NG CAMARINES NORTE.

Seksyon 1. Ang mahalagang layunin inilatag ng National Task Force Zoning Containment Strategy (ZCS)' ay mabisang istratehiya sa pag sugpo, at maiwasan ang paglaganap ng COVID-19 pandemic at ipatutupad sa buong lalawigan ng Camarines Norte sa pamumuno at pagsubaybay ng mga Local Municipal Task Force, at ng kani-kanilang Health Offices sa maayus na koordinasyon ng mga Incident Management Team;

Seksyon 2. Ina-atasan ang lahat ng munisipyo ng probinsiya na sundin ang mga alituntunin tungkol sa DOH 'Expanded Testing' for COVID-19 para sa maayos na sistema at pagsagawa, pag-obliga ng RT-PCR test at, ng Rapid Antibody Test (RAT) aplikable sa general population, at ina – atasan din ang lahat ng mga Municipal Health Office at Municipal Incident Management Team ang pagsunod sa naturang gabay, at maayos na pagpa patupad ng tamang paraan ng pag kwarantina sa mga indibiduwal na kailangan i-kwarantina sa loob ng labing-apat (14) na araw ayun sa panutunan ng DOH, sa kani-kanilang mga pasilidad;

Seksyon 3. Ina-atasan ang lahat ng mga indibiduwal na nais magpakuha ng kaukulangpagsu-suri tungkol sa corona virus ng RT-PCR test sa alinmang awtorisadong testing facility sa lalawigan ng Camarines Norte na makipag ugnayan sa kani-kanilang Municipal Epidemiological Surveillance Unit (MESU) o sa kanilang mga Municipal Health Officers para sa maayus na koordinsasyon patungkol dito.

Mahigpit na ipinatu-tupad sa mga pribadong 'health facility' na mayroon pakikipag ugnayan sa mga akreditadong covid-19 testing laboratory na istriktong sundin ang mga alituntunin ng reporting protocol ayun sa itinakda ng Camarines Norte Provincial Health Office.

Seksyon 4. 'Interzonal at Intrazonal Movement'

a. Ang pag-galaw ng mga mamamayan nakapaloob bilang mga Authorized Person Outside of Residences ayun sa Omnibus Guideline IATF Resolution No. 70 ay pinahihintulutan. Datapuwa't Patuloy na ipinatutupad ang mga kailangan dokumento bilang bahagi ng Travel Document ng bawat mamamayan katulad ng Medical Health Certificate na mayroon bisa ng pitong (7) araw lamang, at kailangan kumuha sa kanilang Health Offices uli kapag natapos na ang palugit na araw.,Negatibo resulta ng RT-PCR (swab test), at Rapid Antibody Test (RAT) na kinuha sa akreditong laboratory facility tatlong (3) araw bago pumasok sa probinsiya at ito ay may bisa ng labing-apat (14) na araw lamang., Magkaganuon, dapat kumuha uli ng bagong Rapid Antibody Test (RAT), sa muling pagpasok sa lalawigan ng Camarines Norte;

b. Ang pag-galaw naman ng mga indibiduwal nakapaloob bilang Non-APOR mula sa kategorya na GCQ at MGCQ ay pinahihintulutan subalit dapat sundin ang local na alituntunin at minimum na patakaran ng lalawigan ng Camarines Norte, katulad ng mga sumusunod:
   1. Medical Health Certificate na mayroon bisa ng pitong (7) araw lamang,at kailangan kumuha sa kanilang Health Offices uli kapag natapos na ang palugit na araw;
   2. Negatibo resulta ng RT-PCR (swab test), at o Rapid Antibody Test (RAT) na kinuha sa akreditong laboratory facility tatlong (3) araw bago pumasok sa probinsiya at ito ay may bisa ng labing-apat (14) na araw lamang.

c. Ina-atasan ang lahat ng mga APOR, at Non-APOR na maging mapag-kalinga sa kapwa mamamayan ng probinsiya ng Camarines Norte, at itaas ang 'moral obligation' sa pagsugpo sa pagkalat ng corona virus, maging kawani ng pribadong sector lalu na ang lahat ng kawani ng local na pamahalaan, probinsiyal, rehiyonal ganuon din ang mga National Agencies. Higit sa lahat kung ang mga APOR at Non-APOR ay galing sa mga lugar kung saan mayroon naitala na 'high transmission of COVID-19 confirmed cases' katulad ng Legazpi City, Naga City, Quezon, Batangas, Laguna at National Capital Region (NCR);

d. Ang mamamayan na nasa loob ng lalawigan ay pinahihintulutan lumabas ng tahanan batay sa EO# 38 s.2020 Sec. 1.C. "Mahigpit na ina-atasan na manatili sa kanilang mga tahanan ang mga mamamayan na may edad na labingpito (17), pababa, at mga tao na may edad sisenta-isais (66), pataas, at yaong mayroon immunodeficiency, comorbidity, at iba pang risgo pangkalusugan, ganun din ang mga buntis. Subalit, pinapayagan ang mga taong nabanggit na kabilang sa mga frontliners at o healthworkers at kaakibat na mayroon mga mahalagang tungkulin na magpatuloy sa kanilang gawain ayon sa itinakda ng mga alituntunin ng MGCQ"

Seksyon 5. Mahigpit na ipinagbabawal ang operasyon ng Small Town Lottery (STL) sa buong probinsiya ng Camarines Norte, at iba pang uri ng operasyon ng pagsu-sugal. Ang anumang hakbang o plano ng ganitong uri ng sugal, lalu na ang Philippine Charity Sweepstake (PCSO) o iba pang ahensiya may kinalaman sa ganitong operasyon ay kinakailangan muna na kumuha ng maayos na permiso sa kinauukulan lalu na sa Provincial Government of Camarines Norte para maiwasan ang paglabag sa mga health standard na nakarating sa Provincial Government at sa Incident Management Team tulad ng hindi pagsusuot ng face mask at face shield at hindi pagsunod sa social distancing habang nagpapataya at iba pang health protocol ng probinsiya.

Seksyon 6. Ina-atasan ang lahat ng mga Police Stations sa pamamagitan ng kani-kanilang PNP Chief of Police na paigtingin ang mahigpit na pagpapatupad ng DOH minimum public health standards, at gawin ang kaukulang pag dakip at kasuhan ayun sa mga itinakdang penalidad ng mga violators ng naturang public health standards;

Seksyon 7. Ang lahat ng mga establisyemento ay obligado na ipatupad ang DOH minimum public health standards, sa kanilang mga kawani at ganuon din sa kanilang mga kliyente o mga customer para sa pangkalahatang kaligtasan ng bawat isa at maiwasan ang paglaganap ng corona virus;

Seksyon 8. Ang 'curfew hour' ay mananatili sa ika sampu ng gabi (10:00pm - 4:00am) hanggang ika apat ng umaga;

Seksyon 9. Incorporation Clause.

1. Lahat ng batas, kautusang legal, panuntunan at regulasyon na naisumite na at isusumete pa lamang na itinatag ng may awtoridad ng Republika ng Pilipinas na nauukol sa pang-publikong kaligtasan at COVID-19 ay isinisasama sa pamamagitan, pangangailangang ng nauukol ditto. Kung sakaling may lumabas na problema, ang mga batas, kautusang legal, panuntunan at regulasyon ay may karapatan, sa pangunguna na pinagkaloob ng Executive Order.

2. Ano mang panuntunan na pinalabas at ipapalabas ng labing dalawang munisipyo na hindi umaayon sa kautusang ito ay pinapawalang bisa.

Seksyon 9. Effectivity. Ang kautusang ito ay ipinapatupad ngayong ika 21 ng Oktubre, 2020.

IN WITNESS WHEREOF, Patunay nito ang aking lagda at ang Selyo ng Lalawigan ng Camarines Norte, ngayon Octubre 21, 2020 dito sa Kapitolyo Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Kgg. EDGARDO A. TALLADO
Gobernador